

# Ang mga Kabataan sa Internet Ngayon, Kilala Ba Natin?

Isang Primer para sa mga Magulang  
at Guro sa Elementarya at Hayskul

*Nina Lorina Calingasan,  Junette Fatima Gonzales,  at  
Angel Rocena *



Education Research Program

# Ang mga Kabataan sa Internet Ngayon, Kilala Ba Natin?

Isang Primer para sa mga Magulang  
at Guro sa Elementarya at Hayskul

*Nina Lorina Calingasan, Junette Fatima Gonzales, at  
Angel Rocena*



# **UP CIDS DISCUSSION PAPER SERIES**

2026-49

UP CIDS Discussion Paper Series is published by the

**University of the Philippines  
Center for Integrative and Development Studies**

Lower Ground Floor, Ang Bahay ng Alumni  
Magsaysay Avenue, University of the Philippines  
Diliman, Quezon City 1101

Telephone: (02) 8981-8500 loc. 4266 to 4268 / (02) 8426-0955

Email: [cidspublications@up.edu.ph](mailto:cidspublications@up.edu.ph)

Website: [cids.up.edu.ph](http://cids.up.edu.ph)



[cids.up.edu.ph](http://cids.up.edu.ph)

**Copyright © 2026  
by the UP Center for Integrative and Development Studies**

The views and opinions expressed in this discussion paper are those of the author/s and neither reflect nor represent those of the University of the Philippines or the UP Center for Integrative and Development Studies. No copies can be made in part or in whole without prior written permission from the authors/editors and the publisher.

**ISSN 2619-7448 (Print)**

**ISSN 2619-7456 (Online)**


# Table of Contents

|                                                                                    |    |
|------------------------------------------------------------------------------------|----|
| Key Highlights                                                                     | 1  |
| Panimula                                                                           | 2  |
| Ang Internet bilang Pang-araw-araw na Espasyo ng Kabataan                          | 3  |
| Ang mga Ginagawa at Hinahanap ng mga Mag-aaral Online                              | 5  |
| Mga Platform bilang Pinagmumulan ng Impormasyon                                    | 6  |
| Kaalaman sa Mali at Nakalilitong Impormasyon                                       | 7  |
| Hamon Sa Atin                                                                      | 10 |
| Mga Implikasyon sa mga Kasalukuyang Polisiya ng DepEd                              | 11 |
| Implikasyon sa Kurikulum                                                           | 12 |
| Implikasyon sa Pagtiyak ng Ligtas at Nakapagpapasiglang Lugar ng Pagkatuto (ESMLE) | 13 |
| Pangwakas                                                                          | 13 |




**Download related policy papers for FREE**

**[cids.up.edu.ph/collection-database](https://cids.up.edu.ph/collection-database)**



**PROCEEDINGS**

**Sipat Edukasyon: UP ERP  
Research Dissemination Forum**




**PROCEEDINGS**

**SukatWika 1.0 Usability  
Testing**

# Ang mga Kabataan sa Internet Ngayon, Kilala Ba Natin?

Isang Primer para sa mga Magulang  
at Guro sa Elementarya at Hayskul

*Nina Lorina Calingasan, Junette Fatima Gonzales, at  
Angel Rocena*



# Key Highlights

- Ang mga kabataan ay lumalaki sa isang digital na kapaligiran kung saan malawak ang kanilang paggamit ng internet at social media. Dahil dito, mahalagang malinang ang skeptical resilience—ang kakayahang magtanong, magsuri, at magberipika ng impormasyon
- Iniuugnay ang mga natuklasang impormasyon ng kabataan sa mga kasalukuyang prayoridad ng Department of Education (DepEd), partikular sa pagpapatupad ng bagong revised kurikulum at ng DepEd Order No. 06, s. 2026 o Ensuring a Safe and Motivating Learning Environment (ESMLE)
- Batay ito sa resulta ng isang survey na isinagawa sa 177 mag-aaral sa Baitang 6, 10, at 12 mula sa isang pampublikong paaralan. Sinuri ng sarbey ang kanilang paggamit ng internet, mga digital platform na ginagamit, karanasan sa maling impormasyon, antas ng tiwala sa sariling kakayahang makilala ang disimpormasyon, at mga pinagmumulan ng impormasyong kanilang pinagkakatiwalaan at hindi pinagkakatiwalaan
- Lumabas sa pag-aaral na nagsisimulang gumamit ng internet ang maraming mag-aaral para sa pag-aaral sa mababang baitang pa lamang, at malaking bahagi ng kanilang araw ay ginugugol online. Bagama't mataas ang kanilang tiwala sa sariling kakayahang makilala ang maling impormasyon, madalas din silang nakararanas ng pagkalantad sa disimpormasyon. Ipinakita rin ng datos ang malaking impluwensiya ng mga magulang at guro sa paghubog ng kanilang pagtitiwala sa iba't ibang pinagmumulan ng impormasyon
- Inirerekomenda ng papel ang mas maagang integrasyon ng media and information literacy at skeptical resilience sa kurikulum, pati na ang pagpapalakas ng digital citizenship education sa iba't ibang asignatura. Iminumungkahi rin nitong isama sa pagpapatupad ng ESMLLE ang mga programang magpapalakas sa pakikipagtulungan ng paaralan at tahanan, kabilang ang mga oryentasyon para sa mga magulang tungkol sa digital citizenship, responsableng paggamit ng AI, at paggabay sa mga bata sa ligtas at mapanuring paggamit ng internet.

## Panimula

Naging mahalagang bahagi na ng buhay natin sa kasalukuyan ang internet. Dahil sa internet, mabilis naipakakalat ang balita, opinyon at anumang impormasyon sa saglit na panahon lamang, at sa napakaraming tao. Hindi maikakaila na para sa mga mag-aaral at guro, higit na madaling magsaliksik ng mga kailangang impormasyon at matugunan ang mga tanong sa pamamagitan nito. Pero kasabay ng benepisyong ito ay ang lumalalang problema ng disimpormasyon at panlilinlang. Mas napapansin ito sa social media kung saan napakadaling kumalat ang mga pekeng balita, mapanlinlang na impormasyon, o walang basehang mga kuwento. Ang ganitong sitwasyon ay nakaaapekto sa mga mamamayan—sa paghubog ng kanilang mga pananaw, sa kanilang tiwala sa mga institusyon, at sa paggawa nila ng mga desisyong pampolitika at panlipunan. Dahil dito, higit na kailangang magabayan sila sa kanilang paggamit ng internet at madebelop ang kanilang digital literacy o kritikal na pagsusuri ng impormasyon at responsableng paggamit nito.

Pero paano nga ba gagawin iyon? Saan nga ba tayo magsisimula? Malaking maitutulong sa pag-unawa natin kung titingnan natin ang datos tungkol sa paggamit ng internet, teknolohiyang digital, at social media ng mga bata at kabataan ngayon. Karamihan sa mga kabataan ngayon ang may sariling device o gadget na siyang ginagamit sa pag-akses ng internet. Pero marami sa atin ang hindi kilala o natututukan ang mga anak at mag-aaral sa kanilang paggamit nito. Ano-ano nga ba ang kadalasang pinupuntahan na website o platforms? Anong ginagawa nila sa mga website na iyon? Ano-ano ang kanilang mga pinagkakatiwalaang source ng impormasyon? Sino-sino ang mga hindi nila pinagkakatiwalaan?

Sa papel na ito, ilalatag ng Education Research Program (ERP) sa ilalim ng UP Center for Integrative and Development Studies ang nakalap na datos mula sa mga sagot ng mag-aaral sa Baitang 6, 10, at 12 sa isang survey questionnaire tungkol sa paggamit ng internet at pinagkakatiwalaang impormasyon. Layunin nitong ipakilala ang mga karanasan, paniniwala, at motibasyon ng mga bata at kabataan sa kanilang pamamalagi sa internet.

Lumahok ang mga mag-aaral ng isang laboratoryong paaralan sa Kalakhang Maynila sa isang sarbey at pagtatasa (assessment) para sa isang pananaliksik ng UP ERP tungkol sa Skeptical Resilience at paglaban sa disimpormasyon. May kabuoan na 177 ang lahat ng sumagot (sa elementarya at hayskul). Bagaman face-to-face tinungo ng mga mananaliksik ang klase, pinasagutan ang sarbey nang online sa pamamagitan ng Google Forms pagkatapos sumagot ng

pahintulot at makuha ang pahintulot mula sa mga magulang. Pagkakalap ng datos, pinangkat ang mga tanong at sagot ayon sa tema. Nakalahad sa papel na ito ang mga datos batay sa mga sagot nila sa tanong, na susundan ng maikling pagtatangka na ipaliwanag o suriin ang mga naging resulta nito.

Inilatag din sa papel na ito ang dalawang pangunahing polisiyang inilabas ng DepEd: unang aspekto ang kurikulum at mga kasanayang kailangang hubugin ng mag-aaral sa paglaban sa maling impormasyon at pagmamaniipula sa internet; pangalawa naman ang pagsipat sa isang kalalabas pa lamang na polisiya tungkol sa pagtitiyak ng kaligtasan ng mga mag-aaral sa paaralan. Sinuri ang mga nilalaman nito, at sinipat ayon sa pangangailangan ng diskusyon at mga nakuhang datos ng mag-aaral. Ito ang siyang naging batayan ng rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng mga programa ng DepEd, kabilang na ang pagtitiyak na handa ang mga guro at magulang sa paggabay sa mga mag-aaral.

## **Ang Internet bilang Pang-araw-araw na Espasyo ng Kabataan**

Tila hindi na maihihiwalay ang internet sa buhay ng mga kabataan. Ginagamit nila ito sa pag-aaral, pakikipag-usap sa pamilya at kaibigan, paglilibang, at paghahanap ng iba't ibang impormasyon. Bilang bahagi na ng kanilang araw-araw na karanasan, mahalagang maunawaan kung gaano kalaking bahagi ng kanilang oras ang inilalaan nila sa online at kung kailan sila nagsimulang mamulat dito.


### ***Tanong 1: Sa karaniwan, gaano katagal ka gumagamit ng internet (gamit ang cellphone at/o iba pang gadgets) sa isang araw?***

Mula sa 177 na sumagot, mahigit sa kalahati (57.60 porsiyento) ang nagsasabing gumagamit sila ng internet nang higit sa anim na oras araw-araw. Sinundan ito (27.1 porsiyento) ng mga nagsasabing gumagamit sila ng internet sa loob ng apat hanggang anim na oras araw-araw, na indikasyon na nananatiling mataas pa rin ang exposure nila sa online na impormasyon. Mas maliit na porsiyento (7.9 porsiyento) naman ang gumagamit ng internet nang tatlo hanggang apat na oras at isa hanggang dalawang oras (2.3 porsiyento) lamang sa isang araw, habang kakaunti ang mga nagsabing mas mababa sa isang oras lang ang kanilang paggamit.

### Larawan 1. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 1

Sa karaniwan, gaano katagal ka gumagamit ng internet (gamit ang cellphone at/o iba pang gadgets) sa isang araw?


177 responses



### Larawan 2. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 2

Kailan ka nagsimulang gumamit ng internet sa paghahanap ng impormasyon (hal., paggawa ng mga gawain sa aralin)?

153 responses



Nagpapakita na malaking bahagi ng kanilang araw ay ginugugol online gamit ang cell phone o iba pang gadgets. Hindi na tinatanong “kung gumagamit” sila ng internet, pero kundi “gaano kadalas at gaano katagal” ang paggamit nito. Karamihan ay mayroong mahigit sa isang gadget ang nakakabit sa internet tulad ng selfon at laptop, pero may iba rin na kapos sa pambili ay marahil nakahihiram sa ibang gumagamit nito.

### ***Tanong 2: Kailan ka nagsimulang gumamit ng internet sa paghahanap ng impormasyon (hal., paggawa ng mga gawain sa aralin)?***

Batay sa datos na nakuha, pinakamaraming nagsasabi na nagsimula silang gumamit ng internet ay noong sila ay nasa Grade 3, na may 28.8 porsiyento sa 153 na mag-aaral na sumagot. Sinusundan ito ng Grade 4 (18.3 porsiyento), at Grade 2 (11.8 porsiyento). Meron din nagsabing sa Kinder pa lamang sila nagsimulang gumamit ng internet sa pag-aaral (9.2 porsiyento). Kapansin-pansin naman na halos wala na ang nagsasabing una silang gumamit ng internet sa hayskul.

Nagpapakita na sa maagang baitang pa lamang ng elementarya ay nagsisimula na ang paggamit ng internet sa paghahanap ng impormasyon para sa pag-aaral.


## Ang mga Ginagawa at Hinahanap ng mga Mag-aaral Online

Hindi lamang para sa pag-aaral ginagamit ng mga kabataan ang internet. Bahagi rin ito ng kanilang pakikipag-ugnayan sa iba, paglilibang, at paghahanap ng iba't ibang uri ng impormasyon. Mahalaga ang pag-unawa sa kanilang mga layunin sa paggamit ng internet upang higit na makita kung paano nito naaapektuhan ang kanilang pagkatuto at pang-araw-araw na buhay.

### Tanong 3: Ano ang karaniwang dahilan mo sa paggamit ng internet?

Maaaring isipin na ang pangunahing dahilan ng paggamit ng internet ng mga student respondents ay may kinalaman sa mga gawaing pampaaralan. Pero ipinapakita ng datos na hindi lamang iyon ang dahilan ng paggamit ng internet. Kasindami halos ng nagsabing gumagamit ng internet para gawin ang mga takdang-aralin (98.9 porsiyento) ay ang gumagamit din para makipag-ugnayan sa iba sa pamamagitan ng chatting at messaging platforms (98.3 porsiyento). Malaking porsiyento din ng mga respondents ay gumagamit ng internet para manood ng mga video (97.2 porsiyento) o mag-stream para maglibang, pag-browse ng social media (92.7 porsiyento) at pag-search ng impormasyon (91 porsiyento). Mapapansin naman na iilan ang nagsabing gumagawa sila ng content gamit ang internet (27.1 porsiyento). Meron ding isang nagsabing namimili sila gamit ang internet (0.6 porsiyento).

Larawan 3. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 3



Ang internet ay isa sa mga pangunahing daluyan ng impormasyon, aliwan, at pakikipag-ugnayan ng mga kabataan ngayon. Ipinapakita nito na madaming puwedeng gawin habang nasa internet, at maaaring ginagawa ito nang sabay-sabay sa parehong oras. Ang mga layunin ng paggamit ng internet, mula sa pagkuha ng impormasyon para sa mga gawaing pampaaralan patungo sa pakikipag-ugnayan o paglilibang, ay puwedeng makuha sa iisang platform na kung saan nakikipag-usap sila, nanonood ng content na ipinasa o nakita nila, at natututo o natutugnan ang kanilang pangangailangan sa paaralan. Minsan pa, hindi rin tiyak ang mga layunin ng mga lumalabas na content (bidyo para magturo at mag-entertain ng mga tao, magpatawa, o magbigay-aliw). Bukod pa rito ang sala-salabat na espasyo ng online information, kung kaya't madalas ang isang impormasyon o website na dumadaan sa page o naipapasa ay hindi sinasadyang puntahan o makita.

## Mga Platform bilang Pinagmumulan ng Impormasyon


Maraming online platforms ang nagsisilbing pangunahing pinagmumulan ng impormasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, magkakaiba ang uri, kalidad, at kredibilidad ng impormasyong matatagpuan sa bawat isa. Mahalagang malaman kung aling mga platform ang pinakagamit at pinakapamilyar sa kanila upang higit na maunawaan ang kanilang digital environment.

***Tanong 4: Alin sa mga sumusunod na social media/website/online sources ng impormasyon ang pamilyar ka o nakagamit ka na?***

Pamilyar ang karamihan sa mga mag-aaral sa iba't ibang online platforms, lalo na sa mga pangunahing social media at communication tools. Nangunguna ang YouTube (97.2 porsiyento) at Facebook/Messenger (93.8 porsiyento) bilang pinakapamilyar at nagagamit na sources, na sinusundan ng email tulad ng Gmail (89.8 porsiyento), Instagram (85.9 porsiyento), at Google/Yahoo search engines (89.8 porsiyento), na karaniwang ginagamit para sa komunikasyon, libangan, at paghahanap ng impormasyon. Kapansin-pansin din ang mataas na porsiyento ng paggamit ng Discord (78 porsiyento), TikTok (77.4 porsiyento), at Wikipedia (74 porsiyento), na nagpapakita na ang mga platform na ito ay nagsisilbi na ring mahalagang platform ng impormasyon para sa mga mag-aaral. Samantala, 62.7 porsiyento ng mga respondente ang nagsabing pamilyar o gumagamit na ng generative AI tools gaya ng ChatGPT. Sa kabilang banda,

Larawan 4. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 4

Alin sa mga sumusunod na social media/website/online sources ng impormasyon ang pamilyar ka o nakagamit ka na? (I-tsek lahat ng naaangkop. Kun...n ay hindi ka pamilyar o hindi mo pa ito nagamit.)  
177 responses



may maliit na porsiyento ang nakapagtala ng iba pang sources na marahil ay madalas nilang puntahan o gamitin na wala sa listahan, tulad ng Reddit, Pinterest, Tumblr, at iba pang interest website.

Kaalaman sa Mali at Nakalilitong Impormasyon

Kasabay ng pagdami ng impormasyong makikita online ay ang paglaganap din ng mga mapanlinlang, mali, at nakalilitong nilalaman. Mahalagang maunawaan hindi lamang kung gaano kadalas itong nakikita ng mga mag-aaral, kundi pati kung gaano sila nagtitiwala sa sarili nilang kakayahang makilala ang ganitong uri ng impormasyon.


*Tanong 5: Sa paggamit mo ng internet sa nakaraang buwan, gaano kadalas ka nakakita/naka-encounter ng posts na sa tingin mo ay mapanlinlang, fake/hindi totoo, naglalaman ng mali, gawa-gawa, o malisyosong impormasyon?*

Napapansin ng karamihan sa mga mag-aaral ang mali o mapanlinlang na impormasyon online. Halos kalahati ng mga mag-aaral (49.2 porsiyento) ang

### Larawan 5. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 5

Sa paggamit mo ng internet sa nakaraang buwan, gaano kadalas ka nakakita/naka-encounter ng posts na sa tingin mo ay mapanlinlang, fake/hind... ng mali, gawa-gawa, o malisyosong impormasyon?

177 responses



nagsabing minsan silang nakakakita ng mga post na sa tingin nila ay fake, gawa-gawa, o may maling impormasyon, habang 37.9 porsiyento naman ang nagsabing madalas nila itong nae-encounter sa kanilang paggamit ng internet. Sa kabilang banda, 12.4 porsiyento lamang ang nagsabing bihira silang makakita ng ganitong uri ng content, at iisa lamang o halos wala ang nagsabing hindi kailanman siyang naka-encounter ng maling impormasyon. Malinaw na ipinahihiwatig ng datos na ang pagkakasalamuha sa maling impormasyon ay karaniwan o common nang gawain online. Marami siguro rito ang hindi na napapansin o kinukuwestiyon ng ilang mga tao.


### ***Tanong 6: Gaano kataas ang tiwala mo sa kakayahan mong tukuyin ang mga posts na mapanlinlang, fake/hindi totoo, naglalaman ng mali, gawa-gawa, o malisyosong impormasyon?***

Mataas-taas ang tiwala ng marami sa mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahang tukuyin ang maling o mapanlinlang na impormasyon online. Mahigit kalahati ng mga respondente (66.1 porsiyento) ang nagsabing medyo malaki ang kanilang tiwala sa kakayahang ito, habang 22 porsiyento naman ang nagsabing malaki ang kanilang tiwala. Sa kabilang banda, mas maliit na bahagi lamang ang nagsabing maliit ang kanilang tiwala, at kakaunti ang nagsabing wala silang tiwala sa kanilang kakayahan. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na karamihan sa mga mag-aaral ay naniniwalang kaya nilang makilala ang maling impormasyon. Gayunman, binubuksan din nito ang usapin kung ang kumpiyansang ito ay laging tumutugma sa aktuwal na kasanayan sa masusing pagsusuri at pag-verify ng online na nilalaman.

**Larawan 6. Tsart ng mga sagot ng mag-aaral para sa Tanong 6**

Gaano kataas ang tiwala mo sa kakayahan mong tukuyin ang mga posts na mapanlinlang, fake/hindi totoo, naglalaman ng mali, gawa-gawa, o malisyosong impormasyon?

177 responses



Sa dami ng mapagkukunan ng impormasyon sa internet, mahalagang maunawaan kung paano nagpapasya ang mga mag-aaral kung alin ang kanilang pinagkakatiwalaan at alin ang hindi. Ang kanilang mga pagpiling ito ay maaaring mahubog hindi lamang ng kanilang sariling karanasan, kundi maging ng impluwensiya ng pamilya, paaralan, at iba pang taong nakapaligid sa kanila.

***Tanong 7: Kapag naghahanap ka ng impormasyon, anong mga sources ang pinagkakatiwalaan mo o hindi mo pinagkakatiwalaan?***

Naglista ang mga mag-aaral ng pinagkakatiwalaan at hindi mapagkakatiwalaang source na pumapasok sa mga sumusunod na kategorya:

- Tradisyonal na media o tagapagbalita (diyaryo/print, online, telebisyon, radio)
- Mga fact-checker/fact-checking website
- Mga government website
- Mga alternatibong media o mga personality
- Generative AI
- Iba pang sources (Others)

Para sa mga tradisyonal na media o tagapagbalita, pinakamaraming nagtitiwala sa ABS-CBN News, kasama ang palabas nitong *TV Patrol* (92). Sinundan ito ng GMA News kabilang ang palabas na *24 Oras* (80), *Philippine Star* (63), *Rappler* (53) at *Philippine Daily Inquirer* (41). Mapapansin na ang ABS-CBN at GMA News ay parehong galing sa telebisyon na sumali sa iba’t ibang online platform, na marahil ay sumasalamin na mas hilig ng mga tao ang format ng

bidyo o palabas na pinapanood lamang kaysa sa mga nagsimulang broadsheet o text-based na pahayagan. May iba ring nagbanggit ng iba pang news media tulad ng Al Jazeera, BBC, at ang pangradyo namang DZBB. Kapansin-pansin naman ang sumagot ng “news outlet na pinagkakatiwalaan ng tatay ko”, at isang nagsabing, “[Inquirer] pero itatanong ko sa nanay ko.”

Sa mga tagapagbalita namang hindi nila pinagkakatiwalaan, nangunguna ang SMNI (17) na sinundan ng platform na TikTok (10). May ilan ding nagsabing hindi nila pinagkakatiwalaan ang mga tradisyonal na media tulad ng *Rappler* (5), ABS-CBN (3) at *Inquirer* (3), at ang GMA at *Philippine Star* (2). Nabanggit din ang Fox News (8) at *Wikipedia* (7). Pero karamihan sa kanila ay walang alam na ispesipikong media outlet na hindi pinagkakatiwalaan dahil sa sagot nilang N/A (not applicable) (74).

Para sa mga fact-checker o fact-checking website, sa government website, at mga alternatibong media, pinakamarami ang nagsabing not applicable (hindi nila tiyak o wala silang alam na ispesipikong sources sa iba’t ibang kategorya) sa parehong hanay ng mapagkakatiwalaan at hindi mapagkakatiwalaan. Mapapansin lamang na sa kategorya ng fact-checker, may nagsabing mapagkakatiwalaan pa rin ang *Rappler* (21), GMA, (13) *Philippine Star* (12) at *Inquirer* (10), bagaman meron ding mas kakaunting hindi nagtitiwala sa kanila. Lumabas din ang Wikipedia bilang isang fact-checking website ngunit mas marami ang nagsasabing hindi ito pinagkakatiwalaan (19) kaysa pinagkakatiwalaan ito (12). Sa paggamit naman ng generative AI, pinakamataas na nagtitiwala sa application na ChatGPT (44) na sinundan ng Gemini (16). Pero marami rin sa mga mag-aaral ang nagsasabing hindi nila pinagkakatiwalaan ang ChatGPT (38) at Gemini (22).

Tulad ng pagbanggit sa mga magulang bilang batayan ng mapagkakatiwalaang source ng balita (Tanong bilang 1), may mga mag-aaral din ang nagsabing pinagkakatiwalaan nila bilang source of information (sa kategoryang “other sources”) ang kanilang magulang at kamag-anak (11), pati na ng kanilang mga guro at paaralan (6).

## Hamon Sa Atin

Hindi layunin ng papel na ito na bigyan ng tiyak na interpretasyon ang mga paniniwala ng mga kabataan. Sa halip, layunin nitong ilahad ang kanilang mga karanasan, gawi, at pananaw sa paggamit ng internet batay sa kanilang sariling mga salaysay. Sa pamamagitan ng mga natuklasan, binubuksan ng papel ang

mas malawak na usapin kung paano tinitingnan ng mga bata at kabataan ang digital na espasyong kanilang ginagalawan at kung paano nila inuunawa ang mga impormasyong kanilang nakikita at ginagamit sa araw-araw.

Inisyal na datos pa lamang ang inilalahad ng pag-aaral na ito. Maaari pa itong palalimin sa pamamagitan ng mga panayam o focus group discussions upang higit na maunawaan ang mga dahilan ng mga mag-aaral sa pagtitiwala o pagdududa sa iba't ibang pinagmumulan ng impormasyon. Maaari ring gamitin ang mga aktuwal na post, balita, o nilalamang mula sa social media at generative AI upang masuri kung paano sila nagdedesisyon kung ang isang impormasyon ay mapagkakatiwalaan o hindi. Sa ganitong paraan, mas mauunawaan hindi lamang ang kanilang mga sagot kundi pati ang kanilang proseso ng pag-iisip sa harap ng lumalawak at patuloy na nagbabagong digital na kapaligiran.

Ipinakikita rin ng pag-aaral na ang paghubog ng mapanuring pag-iisip ay hindi lamang tungkulin ng paaralan. Malaki ang impluwensiya ng mga magulang at guro sa paghubog ng pananaw ng mga kabataan tungkol sa mga pinagmumulan ng impormasyon. Ang pagtitiwala ng mga mag-aaral sa ilang mga balita at sanggunian ay madalas na nakaugat sa mga paniniwala at gawi na kanilang natutuhan sa tahanan at paaralan. Dahil dito, mahalagang tingnan ang paglinang ng skeptical resilience bilang isang sama-samang responsibilidad ng pamilya, paaralan, at komunidad.

Higit sa lahat, ipinahihiwatig ng pag-aaral na hindi sapat ang simpleng paghikayat sa mga mag-aaral na "huwag basta maniwala." Mas mahalagang malinang ang kanilang kakayahang magtanong, magsuri ng pinagmumulan ng impormasyon, maghambing ng iba't ibang sanggunian, at gumamit ng ebidensiya bago bumuo ng sariling pasya. Ito ang diwa ng skeptical resilience na maaaring magsilbing mahalagang kasanayan sa panahon ng social media at artificial intelligence.

### ***Mga Implikasyon sa mga Kasalukuyang Polisiya ng DepEd***

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay may mahahalagang implikasyon sa mga umiiral na polisiya ng Department of Education (DepEd), lalo na sa pagpapatupad ng bagong kurikulum para sa basic education at ng DepEd Order No. 006, s. 2026 o ang Ensuring a Safe and Motivating Learning Environment (ESMLE). Bagama't kinikilala na ng mga polisiyang ito ang kahalagahan ng paglinang ng mga kasanayan sa pagkatuto at ng pagtiyak sa ligtas na kapaligiran

ng mga mag-aaral, ipinahihiwatig ng pag-aaral na may mga bagong hamong dulot ng social media, digital platforms, at generative AI na maaaring higit pang maisaalang-alang sa kanilang implementasyon.

### *Implikasyon sa Kurikulum*

Layunin ng kurikulum na malinang ang mga mag-aaral na may kritikal na pag-iisip, may kakayahang gumamit ng impormasyon nang responsable, at handang makibahagi sa lipunan. Sa ilalim ng MATATAG o Revised K to 10 Curriculum, pati na rin ang Strengthened Senior High School (SHS) Program, kinikilala na ang kahalagahan ng information literacy, media literacy, at kritikal na pag-iisip bilang mahahalagang kasanayan ng mga mag-aaral. Nakapaloob ang mga ito sa iba't ibang learning areas, pangunahin dito ang Information Communication Technology (ICT) na asignatura sa ilalim ng Edukasyon sa Pagpapakatao (EPP) at Technology at Livelihood Education (TLE). Gayunpaman, ipinakikita sa mga sagot ng mag-aaral na nagsisimula nang gumamit ng internet para sa pag-aaral ang marami sa kanila sa mga unang baitang pa lamang ng elementarya. Tinanggal naman ang Media and Information Literacy (MIL) na dati'y kabilang sa core na asignatura ng SHS. Dahil dito, maaaring higit pang palakas ang sistematikong paglinang ng skeptical resilience, pagsusuri ng online na impormasyon, pagberipika ng mga sanggunian, at responsableng paggamit ng generative AI sa mas maagang antas ng pag-aaral.

Hindi rin sapat na matutuhan ng mga mag-aaral ang paggamit ng teknolohiya; mahalaga ring malinang ang kanilang kakayahang magsuri ng mga pinagmumulan ng impormasyon, magberipika ng mga pahayag, gumamit ng ebidensiya sa pagbuo ng pasya, at maging mapanuri sa paggamit ng social media at generative AI. Sa halip na maging isang hiwalay na asignatura, maaaring maisama ang mga kasanayang ito sa iba't ibang learning areas at maging bahagi ng pang-araw-araw na gawaing pampagkatuto upang maihanda ang mga mag-aaral sa mga hamon ng mabilis na nagbabagong digital na kapaligiran.

Sa panahon kung kailan malaking bahagi ng kanilang pakikipag-ugnayan, pagkatuto, at pagkakalantad sa iba't ibang impormasyon ay nagaganap sa digital na kapaligiran, mahalagang isaalang-alang ang internet bilang isa sa mga kontekstong humuhubog sa kanilang pag-iisip, pagpapasya, at pakikisalamuha. Sa ganitong pananaw, ang pagpapaunlad ng skeptical resilience, digital citizenship, at responsableng paggamit ng teknolohiya ay maaaring maging mahalagang bahagi ng mas malawak na mga hakbang sa kabuuang kaligtasan, pati na rin sa paglaban sa karahasang nagaganap sa online space.

## ***Implikasyon sa Pagtiyak ng Ligtas at Nakapagpapasiglang Lugar ng Pagkatuto (ESMLE)***

Layunin ng DepEd Order No. 006, s. 2026 o ang Ensuring a Safe and Motivating Learning Environment (ESMLE) na matiyak ang isang ligtas, inklusibo, at nakapagpapasiglang kapaligiran para sa lahat ng mag-aaral. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan ng pag-aaral na sa kasalukuyang panahon, ang pagtiyak sa kaligtasan ng mga mag-aaral ay hindi na lamang tumutukoy sa kanilang pisikal na kaligtasan sa loob ng paaralan, kundi pati sa kanilang kakayahang makaiwas sa mga panganib na dulot ng maling impormasyon, manipuladong nilalaman, at iba pang information harms sa digital na kapaligiran.

Bagama't nakatutulong ang mga polisiya tulad ng pagbabawal sa paggamit ng gadgets sa oras ng klase upang mabawasan ang distraksiyon sa loob ng silid-aralan, ipinakikita ng pag-aaral na ang malaking bahagi ng paggamit ng internet ng mga mag-aaral ay nagaganap sa labas ng paaralan. Dahil dito, ang mga hakbang para sa kaligtasan ng mga mag-aaral ay hindi dapat nakatuon lamang sa regulasyon ng paggamit ng teknolohiya, kundi pati sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang maging mapanuri at responsable sa paggamit ng impormasyon saanman sila naroroon.

Mahalaga ring kilalanin ang tahanan bilang mahalagang espasyo ng pagkatuto. Lumilitaw sa pag-aaral na malaki ang impluwensiya ng mga magulang sa paghubog ng pagtitiwala ng mga bata sa iba't ibang pinagmumulan ng impormasyon. Kaugnay nito, maaaring isama sa mga programa ng paaralan sa ilalim ng ESMLE ang regular na oryentasyon at pakikipag-ugnayan sa mga magulang hinggil sa digital citizenship, media and information literacy, responsableng paggamit ng artificial intelligence, at paglinang ng skeptical resilience. Sa ganitong paraan, nagiging magkatuwang ang paaralan at tahanan sa paglikha ng isang ligtas at nakapagpapasiglang kapaligiran sa pagkatuto, hindi lamang sa loob ng paaralan kundi maging sa online na espasyong kinagagalawan ng mga mag-aaral.

## **Pangwakas**

Malaking bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral ang internet. Ginagamit nila ito hindi lamang para sa pag-aaral kundi pati sa pakikipag-ugnayan, libangan, at paghahanap ng impormasyon. Kasabay nito ang patuloy na pagdami ng mga mapanlinlang, mali, at manipuladong nilalaman sa digital na kapaligiran. Dahil dito, hindi sapat na matutuhan lamang ng mga kabataan

kung paano gumamit ng teknolohiya; mahalaga ring malinang ang kanilang kakayahang magsuri ng impormasyon, magberipika ng mga sanggunian, at gumawa ng matalinong pagpapasya batay sa ebidensiya.

Ipinakikita ng pag-aaral na mahalagang magtulungan ang mga magulang, guro, paaralan, at mga tagapagbalangkas ng kurikulum upang malinang ang skeptical resilience bilang bahagi ng responsableng digital citizenship. Sa harap ng patuloy na pag-unlad ng social media at artificial intelligence, ang paghubog ng mga mag-aaral na may kakayahang magtanong, magsuri, at magpasya nang may pananagutan ay magiging mahalagang ambag ng edukasyon sa pagbuo ng mga mamamayang handa sa mga hamon ng digital na panahon.



# **THE UP CIDS DISCUSSION PAPER SERIES**

The UP CIDS Discussion Paper Series features preliminary researches that may be subject to further revisions and is circulated to elicit comments and suggestions for enrichment and refinement. They contain findings on issues that are aligned with the core agenda of the research programs under the University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS).

## **Center for Integrative and Development Studies**

Established in 1985 by University of the Philippines (UP) President Edgardo J. Angara, the UP Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS) is the policy research unit of the University that connects disciplines and scholars across the several units of the UP System. It is mandated to encourage collaborative and rigorous research addressing issues of national significance by supporting scholars and securing funding, enabling them to produce outputs and recommendations for public policy.

The UP CIDS currently has twelve research programs that are clustered under the areas of education and capacity building, development, and social, political, and cultural studies. It publishes policy briefs, monographs, webinar/conference/forum proceedings, and the Philippine Journal for Public Policy, all of which can be downloaded free from the UP CIDS website.

## **The Program**

The Education Research Program (ERP) conducts studies under three categories: Curriculum and Assessment; Instruction and Teacher Development and Governance; and Finance and School Improvement. It is based on its agenda, "Policy Investigations in Support of the Filipino Learner 2019-2024." To guide these investigations, ERP conducts research on disinformation studies and language and literacy, focusing specifically on multi-literacy assessments and text assessment. These projects are multi-year studies that use mixed methods, employing data derived from assessments and conversations with multiple stakeholders.

# Editorial Board

Rosalie Arcala Hall  
*Editor-in-Chief*

Honeylet L. Alerta  
*Deputy Editor-in-Chief*

# Program Editors

## Education and Capacity Building Cluster

Dina S. Ocampo  
Lorina Y. Calingasan  
*Education Research Program*

Rosalie Arcala Hall  
*Program on Higher Education Research and Policy Reform*

Romylyn Metila  
Marlene Ferido  
*Assessment, Curriculum, and Technology Research Program*

Ebinezer R. Florano  
*Program on Data Science for Public Policy*

## Social, Political, and Cultural Studies Cluster

Rogelio Alicor L. Panao  
*Program on Social and Political Change*

Darwin J. Absari  
*Islamic Studies Program*

Rosalie Arcala Hall  
*Strategic Studies Program*

Jhimeel P. Valencia  
Bryan Patrick Garcia  
*Copyeditors*

## Development Cluster

Annette O. Balaoing-Pelkmans  
*Program on Escaping the Middle-Income Trap: Chains for Change*

Antoinette R. Raquiza  
Julius Lustro  
*Political Economy Program*

Eduardo C. Tadem  
Maria Dulce F. Natividad  
*Program on Alternative Development*

Iris Thiele Isip-Tan  
*Program on Health Systems Development*

## New Programs

Maria Angeles O. Catelo  
*Food Security Program*

Weena S. Gera  
*Urban Studies Program*

Benjamin M. Vallejo, Jr.  
*Conservation and Biodiversity*

Rosalie Arcala Hall  
*Local and Regional Studies Network*

# Editorial Staff

Alexa Samantha R. Hernandez  
*Editorial Assistant*

Mikaela Anna Cheska D. Orlino  
*Layout Artist*

## Get your policy papers published. Download open-access articles.

The Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives (PJPP), the annual peer-reviewed journal of the UP Center for Integrative and Development Studies (UP CIDS), welcomes submissions in the form of full-length policy-oriented manuscripts, book reviews, essays, and commentaries. The PJPP provides a multidisciplinary forum for examining contemporary social, cultural, economic, and political issues in the Philippines and elsewhere. Submissions are welcome year-round.

For more information, visit [cids.up.edu.ph](http://cids.up.edu.ph).  
All issues/articles of the PJPP can be downloaded for free.

### Get news and the latest publications.

Join our mailing list to get our publications delivered straight to your inbox! Also, you'll receive news of upcoming webinars and other updates.

[bit.ly/signup\\_cids](http://bit.ly/signup_cids)

### We need your feedback.

Have our publications been useful? Tell us what you think.

[bit.ly/dearcids](http://bit.ly/dearcids)



#### UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES CENTER FOR INTEGRATIVE AND DEVELOPMENT STUDIES

Lower Ground Floor, Ang Bahay ng Alumni, Magsaysay Avenue  
University of the Philippines Diliman, Quezon City 1101

**Telephone** (02) 8981-8500 loc. 4266 to 4268  
(02) 8426-0955

**Email** [cids@up.edu.ph](mailto:cids@up.edu.ph)  
[cidspublications@up.edu.ph](mailto:cidspublications@up.edu.ph)

**Website** [cids.up.edu.ph](http://cids.up.edu.ph)